**UNIT TITLE: BEHAVIOR IN THE CHURCH**

**LESSON#5: THE PRESENCE OF THE SON OF GOD**

SCRIPTURES: JOHN 2:14-16

MEMORY VERSE: MATTHEW 18:20

“Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan ko, naroon akong kasama nila.”

**INTRODUCTION:**

Sino nang nakapunta sa palengke (wet market)? Ano nga bang makikita at mapapansin niyo sa tuwing nasa palengke kayo? (Maingay, madulas ang sahig, malansa, mga nagbebenta at mga mamimili, gulay/manok/isda/baboy, mga kasangkapan sa pagluluto, etc.)

Kung hindi ka sanay mamili sa palengke, mapapansin mo na minsan walang kaayusan o magulo hanggang sa makasanayan na lang at normal na lang iyon. Ganoon din madalas naririnig natin sa paaralan kapag ang ating mga guro ay naiingayan sa klase ay sinasabi niyang, “Ano ba ito, palengke? Bakit sabay sabay nagsasalita?”

**LESSON PROPER:**

Mahalaga ang palengke pero dapat natin maunawaan na may mga lugar talaga na dapat hindi dalhin ang kaganapan sa palengke dahil hindi ito tama. Sa gawain ng Panginoon, ikinagagalit ni Hesus kapag ang bahay ng Diyos ay ginagawang palengke imbes na lugar ng pagsamba at pananalangin. Hindi gusto ng Diyos na magulo at walang kaayusan sa Kaniyang bahay.

JUAN 2:14-16 ASND
Nakita niya roon sa templo ang mga nagtitinda ng mga baka, tupa at mga kalapati. Nakita rin niya ang mga nagpapalit ng pera ng mga dayuhan sa kanilang mga mesa. Kaya gumawa siya ng panghagupit na lubid, at itinaboy niya palabas ng templo ang mga baka at tupa. Ikinalat niya ang mga pera ng mga nagpapalit at itinaob ang mga mesa nila. Sinabi ni Jesus sa mga nagtitinda ng mga kalapati, “Alisin ninyo ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama!”

LIFE APPLICATION:

Nakakalungkot sa ating panahon, ang mga bata ay nawawala na ng paggalang sa mga simbahan o lugar ng pagsamba. Kailangan isaisip natin kung ano ang nararamdam ni Hesus kapag hindi natin ginagalang ang Kaniyang bahay panalanginan. Dito pa lang sa pagtuturo sa labas ay tinitignan ni Hesus kung tayo ba ay nakikinig ng mabuti, marunong sumunod sa iniuutos ng guro, at marunong gumalang dahil kung dito pa nga lang malapit sa inyo ay

ginagawa niyo ng “palengke” ang pag-aaral ng salita ng Diyos, paano niyo mas makikilala pa si Kristo Hesus sa simbahan o bahay panalanginan?

Ang bawat bata ay kayang baguhin ni Hesus. Sabihin man ng iba na matigas talaga ulo o wala ng pag-asa, naniniwala kami na walang mahirap kay Hesus at kaya Niyang baguhin ang kahit na sinoman basta ito’y magsisisi at tatanggapin sa kaniyang puso si Hesus bilang Diyos at Tagapagligtas.

Nais namin na makadalo ang bawat bata kasama ang inyong mga magulang sa bahay panambahan natin. Pero kailangan matutunan natin ang kaayusan at ang pagsunod dahil kung hindi, katulad ng ginawa ni Hesus, ipagtatabuyan Niya palabas ang mga taong ginagawang “palengke” ang Kaniyang banal na tahanan.